KAPASYAHAN BLG. 118
KAUTUSAN BLG. 25

1992

KAUTUSAN NA NAG-AATAS SA MGA MAMAMAYAN NG BAYANG ITO NA TALIAN O IKULONG ANG KANILANG MGA ALAGANG ASO AT PAGPATAW NG KAPARUSAHAN SA MGA PAGLABAG DITO

SAPAGKAT, marami nang mga tao ang naging biktima ng pangangagat ng mga asong gumagala sa kalye at pampublikong lugal;

SAPAGKAT, inirereklamo ng mga mamamayan ang kapansin-pansing kumakalat na mga dumi ng aso sa mga lansangan ng Bayang ito;

SAPAGKAT, ang nabanggit na mga dumi ng aso ay hindi lang nakakaapekto sa kalinisan ng kapaligiran ngunit higit sa posibilidad na maaaring pagmulan ito ng sakit ng mga tao;

SAPAGKAT, malaki ng potensyal na ang Bayan ng Bulalacao ay maideklarang Tanawing Pang-Turismo ng ating Bansa, ang likas na kagandahan nito ay dapat pangalagaan;

DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Bulalacao, Silangang Mindoro ay nag-aatas ng mga sumusunod:

SEKSYON 1. Mahigpit na ipinag-uutos sa lahat ng may-ari ng aso sa Bayang ito na talian ang kanilang mga alaga upang maiwasan ang pagkalat ng dumi at pagkapinsala sa tao;

SEKSYON 2. Ang sinumang ayaw magtali ng alagang aso ay inaatasang panatilihing nasa loob ng mga sariling bakuran ang kanilang mga alagang aso;

SEKSYON 3. Alinmang aso na makikitang gumagala sa lansangan o alinmang pampublikong lugal ay maaaring hulihin ninuman upang isuko sa Bahay Pamahalaan upang pagbayarin ng halagang limampung piso (₱50.00) kung saan ang dalawampung piso (₱20.00) ay mapupunta sa nakahuli;

SEKSYON 4. Dapat sundin ang itinitadhana ng Bagong Pambayang Batas sa Pagbubuwis Blg. 13, Art. i.,Sek.31-01 na ang sinumang tao na nagmamay-ari o nag-aalaga ng anumang uri ng aso namay gulang na higit sa tatlong (3) buwan pataas ay nararapat na kumuha ng lisensya mula sa Puneng Bayan at magbayad ng halagang anim na piso (₱6.00) bawat taon;

SEKSYON 5. Ang may-ari ng aso ang magiging responsable sa pagpapagamot at sa lahat ng gastusing kaugnay nito ng sinumang taong makagat ng kanyang alagang aso;

SEKSYON 6. Ang lahat ng mga aso ay nangangailangang pabakunahan ng mga may-ari ng mga ito, upang hindi manganib ang buhay ng makagat nito;

SEKSYON 7. PAMPANGASIWAANG PROBISYON. Ang Batas na ito ay ipatutpad ng Pulisya ng Bayang ito. Ang ahensyang ito ng Pamahalaan ay binibigyang Kapangyariham na humuli at ikulong ang mga asong ligaw sa Pambayang Koral o sa lugal na itinatalaga para dito. Ang Hepe ang siyang magalalathala ng listahan ng mga nahuli at nakulong na aso. Ang Pulisya ay hindi sakop ng gantimpalang ibinibigay ng Seksyon ~~ka~~ 3 nito;

Ang lahat na nahuli at nakulong na aso, matapos ang limang araw (5) na hindi matubos ng may ari ay isusubasta alinsunod sa Batas;

SEKSYON 8. Ang sinumang lumabag sa Kautusang ito ay magmumulta ng halagang dalawang daang piso (₱200.00) pataas, subalit hindi hihigit sa limang daang piso(₱500.00) at magimilanggo ng isang (1) buwan hanggang tatlong (3) buwan , alin man sa pagmumulta o panimilanggo ayon sa pasya ng Hukuman;

SEKSYON 9. Ang lahat ng mga Kautusang Bayan na salungat dito ay pinawawalan na ng bisa;

SEKSYON 10. Ang Kautusangito ay magkakaroon ng bida sampung (10) araw mailathala par a sa kaalaman ng Sambayanang

PINAGPASYAHAN PA, na bigyan ng sipi ng Kautusang ito ang Himpilan ng Pulisya at Tanggapan ng Ingat Yaman para sa kanilang kaalaman at pagpapatupad.

PINAGTIBAY NG LAHAT: November 9, 1992.

PINATUTUHANAN KO ang kawastunan ng Kautusang ito.

SIXTO O. BARRIENTOS
Kalihim ng Bayan